daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Makinig kayong lahat at unawain ang ipinasasabi ng Panginoon.

## Pangkalahatang Panalangin

Pasalamatan natin ang ating Manunubos na pumarito sa daigdig bilang pakikipiling ng Diyos sa atin. Tawagan natin siya

— Kristo, hari ng Kaluwalhatian, ikaw ang aming liwanag at kagalakan.

Panginoong Hesus, ikaw ang sumisikat na Araw, ang unang ani ng darating na pagkabuhay,
iadya nawa kami sa lilim ng kamatayan at tumahak sa landas ng liwanag ng buhay.

— Kristo, hari ng Kaluwalhatian, ikaw ang aming liwanag at kagalakan.

Ipakita sa amin ang iyong kabutihang nananahan sa bawat nilalang, upang mapagnilayan namin ang iyong kadakilaan.

— Kristo, hari ng Kaluwalhatian, ikaw ang aming liwanag at kagalakan.

Huwag mong hayaang daigin kami ngayon ng kasamaan,
kundi mapagtagumpayan namin ang masama sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan.

— Kristo, hari ng Kaluwalhatian, ikaw ang aming liwanag at kagalakan.

